Balitang Manmin

BILANG 83 MAYO 5, 2013

# Lahat ng Pasasalamat at Kaluwalhatian ay sa Panginoong Muling Nabuhay




Ang paggunita ng Pasko ng Pagkabuhay, isa sa tatlong pinakamahalagang pagdiriwang ng mga Cristiano, nagdaos ng pagsamba ang Manmin Central Church noong Pasko ng Pagkabuhay at nanalangin ng buong kabanalan at taimtim (Litrato 1). Ang Diyos ay pinasalamatan at niluwalhati ng mga miyembro kasama ang mga pastor at mga mananampalataya mula sa ibang bansa. Dumalo sila para makibahagi sa kagalakan ng buhay na walang hanggan at pag-asa sa muling pagkabuhay (Litrato 2 at 3).

Habang lumalalim ang pagmamahal sa Panginoon ng mga miyembro ng iglesya, nadadagdagan ang kagalakan at pasasalamat nila. Noong Marso 31, 2013, Pasko ng Pagkabuhay, nagkaroon ng banal at taimtim na pananalangin habang idinadaos ang pagsamba sa Linggo ng gabi. Ang pagsamba ay dinaluhan ng mga miyembro ng may 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa pamamagitan ng GCN TV (www.gcntv.org). Dahil dito naging mas makabuluhan ang araw na ito.

Ipinangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mensaheng may pamagat na "Grace Given to Us" (Pagpapalang Ibinigay sa Atin). Bago isagawa ang banal na komunyon, buong lakas siyang nanalangin para maipadinig ang orihinal na tinig at itaboy ang lahat ng puwersa ng kadiliman. Dahil sa panalanging ito, nakasabay sa mas mabilis na daloy ng espiritu ang lahat ng mga miyembro ng iglesya, pati ang mga pastor, misyonero, at mga manggagawang Levita.

Dumalo ang mga espesyal na bisita mula sa Germany, U.K., Russia, Peru, Japan, at China. Iisa ang sinabi ng mga pastor na sina Rapael Lonji Yanga at Mudidi Mungdia Kabangu mula sa Germany. Sinabi nilang bumisita sila sa iglesya para makita ang mga makapangyarihang pagkilos na naiipahayag sa pamamagitan ni Dr. Lee at para maibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa Europa kasama na ang Germany. Idinagdag pa nila na ipinakita ng ministeryo ni Dr. Lee ang pinakamagandang halimbawa sa mga iglesyang Cristiano sa henerasyong ito.

Sinabi pa ni Pastor Yanga, isa sa mga dumalo sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Germany noong 2004, na maraming tao ang nagsasabing biyaya ng Panginoon ang krusada sa mga tao sa lugar na ito. Sinabi niyang dahil dito, lumago ang pananampalataya ng mga mananampalataya at naging matatag ang mga iglesya.

Pinanood ni Pastor Kabangu ang pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay, tungkol dito, sinabi niya, "Kamangha-mangha ang pagtatanghal. Totoong-totoo ang pagsasalarawan nila ng pagdurusa ni Jesus na umako ng mga kasalanan ng sangkatauhan. Nalungkot ako ng lubos habang nakikita ko na hinahagupit si Jesus." Noong Marso 31, 2013, tinanggap nila ang panalangin ni Dr. Lee para sa ministeryo nila.

Sinabi ni Misyonera Jane Mpologoma Nabanakulya, taga-U.K., na naranasan ng mga miyembro ng iglesya niya ang kapangyarihan ng Diyos at nagsikap na magbago sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno. Sinabi niyang naantig ang damdamin niya sa pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay na nagpakita ng mga tagpo mula sa Biblia kung saan hinatihati sa apat na bahagi ang kasuotang panlabas ni Jesus at ang tagpong sinusundan ng mga kababaihan si Jesus habang umiiyak. Idinagdag pa niya, nakita niya kung paano ipinako sa krus si Jesus.

Bumisita sa Manmin Central Church si Maurine Lasfolk, taga-Sweden, kasama ang mga anak niya, at si Yulia Gorelova, miyembro ng London Manmin Church sa U.K. Naranasan din nila ang espirituwal na pagpapala sa Manmin noong Pasko ng Pagkabuhay. Niluwalhati nila ang Diyos. Nagkaroon din ng masayang Pasko ng Pagkabuhay sa pagbisita nila sa Manmin Central Church sina Misyonero Wong Ping Ping, dating nagtatrabaho sa Far East Radio Broadcasting at si Diakonesa Wei Iran, gumaling siya mula sa depresyon dahil sa panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon.

## Retreat para sa mga Mag-asawa at Kabataan Idinaos ng Crystal Forum, Israel

Pinaghandaan ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel) ang retreat para sa mga mag-asawa at mga kabataan sa Nahariya, Hilagang Israel. Isinagawa ito mula Marso 17-19, 2013, at dinaluhan ng may 300 tao. Pinapurihan ng mga dumalo si Jesu-Cristo, idinalangin ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa Israel. Napuspos ang mga espiritu nila dahil sa pagsasama-samang may pagmamahal sa isa't isa.



Bilang 83 Mayo 5, 2013 Balitang Manmin

# Hindi Ipinipilit ng Pag-ibig ang Sariling Kagustuhan

"Ang pag-ibig ay matiisin at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog; hindi magaspang ang kilos. Hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, hindi nagtatala ng mga pagkakamali" (1 Mga Taga-Corinto 13:4-5).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Habang lumilipas ang panahon, nanlalamig ang pagmamahal at ipinipilit ng mas maraming tao ang ang sariling kagustuhan at pakinabang sa halip na unahin ang para sa iba. May isang insidente noon, nilagyan ng nakakalasong bagay ang gatas na para sa mga sanggol, at kahit malaki ang mawawala sa sariling bansa nila, ibinenta ng mga tao ang teknolohiyang pambansa sa mga mamimili mula sa ibang bansa para sa sarili nilang pakinabang. Sa kasalukuyan, walang pagdadalawang isip itong ginagawa ng mga tao. Sa panahong laganap ang pagkamakasarili at kayabangan, kailangang-kailangan natin ng espirituwal na pag-ibig.

### 1. Ang espirituwal na pag-ibig ay naghahangad ng makakabuti para sa iba

Kung titingnan natin ang buhay natin sa araw-araw, masusuri natin kung hinahangad natin ang sariling pakinabang o kung inuuna natin ang para sa iba. Bibigyan ko kayo ng isang halimbawa na nangyayari sa tunay na buhay. Sabihin nating may ilang taong sama-samang kumain. Kailangan nilang pumili ng pagkain na magugustuhan ng lahat. Ipinipilit ng isa sa kanila ang gusto niya. May isang sumang-ayon sa gusto nito, pero hindi palagay ang kalooban niya. May isa namang palaging nagtatanong muna kung ano ang gusto ng iba. At pagkatapos, para hindi mapahiya ang buong grupo, kahit hindi niya gaanong gusto ang pagkaing pinili ng iba, sumasang-ayon siya sa grupo, at masayang kumakain.

Magbibigay pa ako sa inyo ng isa pang halimbawa. May ilang manggagawang naghahanda para sa isang malaking okasyon. Marami silang pwedeng pagpilian. Ipinipilit ng isa sa iba ang gusto niya, hanggang pumayag na sila. Ang isa naman, hindi gaanong ipinipilit ang opinyon niya, kahit hindi rin niya gusto ang opinyon ng iba. At may isa namang nakikinig sa mga opinyon ng iba. Kahit mas mabuti ang iniisip niyang ideya, sinisikap niyang sundin ang gusto ng iba.

Nakikita kung may pagmamahal tayo sa mga pangyayaring katulad nito. Kapag mayroong hindi pagkakaunawaan sa pagitan ninyo at ng ibang tao, dapat ninyong suriin kung ipinilit ninyo ang sariling kapakanan. Kung nagparaya kayo sa iba at inisip ang kinalalagyan nila, mapapanatili ang kapayapaan. Nasisira ang kapayapaan kung hahanapin ninyo ang sariling pakinabang. Kung mahal natin ang isang tao, natural lang na susundin natin ang mga gusto niya sa lahat ng bagay, hahanapin natin ang makakabuti para sa kanya at hindi ang para sa atin.

Mas masaya ang mga magulang kapag nakakakain nang mabuti at nakakapanamit ng magaganda ang mga anak nila, sa halip na sila. Kung hahangarin natin ang ikabubuti ng ibang tao na may ganitong pagmamahal, lubos na malulugod ang Diyos Ama sa atin!

### 2. Hinanap ni Abraham ang ikakabuti ng ibang tao

Ang paghahangad ng pakinabang ng ibang tao sa halip na ang pang sarili ay nagmumula sa pagmamahal na nagsasakripisyo ng sarili. Pwedeng pansamantalang makaramdam kayo ng kawalan kapag hindi ninyo inuna ang sariling pakinabang. Pero kung mayroong kayong pananampalataya, hindi magiging ganito ang pakiramdam ninyo. Ang dahilan nito ay sapagkat kapag hinanap ninyo ang pakinabang ng iba dahil gusto ninyong sundin ang kalooban ng Diyos, bibigyan Niya kayo ng mga kasagutan at biyaya.

Pinakamagandang halimbawa sa Biblia si Abraham tungkol sa bagay na ito. Sa Genesis 13, tinalakay ang tungkol kay Abraham at sa pamangkin niyang si Lot. Nawalan ng ama si Lot noong bata pa siya, pinagtiwalaan at sumunod siya kay Abraham bilang ama. Tumanggap siya ng mga biyaya dahil kay Abraham dahil minamahal ito ng Diyos. Mayaman sila, may mga alagang hayop, may ginto at pilak. Pagkatapos, nagkaroon ng alitan sa pagitan ng mga tagapastol ni Abraham (dating tinawag na 'Abram') at ng mga tagapastol ni Lot dahil sa tubig na inumin.

Nagdesisyon si Abraham na humiwalay kay Lot para maiwasan ang mas malalang alitan sa pamilya. Hinayaan niya si Lot na maunang pumili ng mas magandang lupain. Mababasa sa Genesis 13:9, "Di ba nasa harapan mo ang buong lupain? Humiwalay ka sa akin. Kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa." Pinili ni Lot ang buong libis ng Jordan na natutubigang mabuti.

Pwedeng maunang pumili si Abraham dahil nabiyayaan si Lot dahil sa kanya, tiyuhin siya nito, at mas nakakatanda, pero hindi niya ginawa ito. Pinayagan niyang pumili si Lot ng lupain, walang pagaatubiling pinili nito ang para sa sariling pakinabang. Gusto ni Abraham na magkaroon si Lot ng mas mabuting lupain para mapanatili niya ang kapayapaan sa pagitan nilang dalawa. Sa bandang huli, tumanggap siya ng mas malaking biyaya mula sa Diyos.

Tinamasa ni Abraham ang napakalaking kayamanan at kapangyarihan dahil inuna niya ang kapakanan ni Lot. Nirespeto siya ng mga hari sa mga karatig na lugar. Dahil sa kabutihan niya, tinawag siyang kaibigan ng Diyos. Ang isang taong naghahangad ng ikakabuti ng ibang tao tulad ni Abraham ay nakakaunawa ng damdamin nila. Nagpaparaya ito sa kanila. Hindi lang pansarili ang hinahangad niya.

Ang kaligayahang makukuha natin kapag mapagbigay tayo sa mga mahal natin sa buhay ay napakalaki. Mahirap ibigay ang mga bagay na para sa atin sa mga taong hindi natin gusto, pero madali lang itong gawin kung para sa mga mahal natin. Ang kaligayahang ito ay nadama ng mga taong nagbigay na ng pinakamahalagang bagay na pag-aari nila sa mga minamahal nila. Ang pagiging mapagbigay mismo ay kaligayahan para sa kanila. Samakatwid, umaasa ako na tatamasa kayo ng kaligayahang mula sa Diyos dahil sa espirituwal na pag-ibig. Inuuna ng ganitong klaseng pag-ibig ang para sa Diyos at ang makakabuti para sa iglesya, pati ang para sa ibang tao, mga kapatid, asawa, at mga anak, bago ang para sa sarili.

### 3. Para hindi hanapin ang sariling kapakanan

Kung minsan, kapag nakatuon lang ang atensyon natin sa mga gawaing pang-Cristiano o para sa iglesya, mahihirapan ang mga kapamilya natin at ang mga ibang tao. Halimbawa, kapag nag-ayuno kayo, maaaring mahirapan ang kumpanyang pinagtatrabahuhan ninyo at mga katrabaho dahil sasabihin ninyong wala kayong lakas o nanghihina kayo. Kung palaging para sa simbahan ang ginagawa ninyo at pababayaan ang mga kapamilya ninyo; o kaya naman, kung nagpapabaya sa mga gawain sa bahay ang isang asawa dahil abala siya sa mga okasyon sa simbahan; o kung tamad mag-aral ang isang estudyante, pero masipag dumalo sa mga pulong sa simbahan, magkakaroon ng problema.

Baka sabihin nilang hindi nila hinahanap ang sariling pakinabang dahil hindi sila nagsasayang ng oras sa mga walang kabuluhang bagay o hindi sila nagpapahinga, pero, kung titingnan nating mabuti, inuuna nila ang mga gusto nila. Kahit tapat sila sa mga gawain para sa Panginoon, hindi pwedeng sabihing ginagawa nila ang tungkulin nila. Ginawa lang nila ang gusto nila, pero pinabayaan ang dapat nilang gawin.

Samakatwid, para hindi hangarin ang sariling kapakanan sa lahat ng bagay, dapat tayong umasa sa Banal na Espiritu. Ginagabayan Niya tayo sa katotohanan. Kung susundin natin ang gabay Niya sa lahat ng bagay, mabubuhay tayo para sa kaluwalhatian Niya sa lahat ng bagay na gagawin natin.

Para marinig ang tinig ng Espiritu at tanggapin ang gabay Niya, unahin nating iwaksi ang kasamaan mula sa puso natin. Higit pa riyan, kung makamit natin ang espirituwal na pag-ibig sa kalooban natin, magkakaroon tayo ng karunungan at kabutihan sa bawat situwasyon. Mas malalaman natin ang kalooban ng Diyos. At kung maayos ang kalagayan ng mga kaluluwa natin, ang lahat ng bagay ay magiging mabuti para sa atin, lulusog tayo, makakapagtrabaho tayo ng tapat hanggat gusto natin.

Hanapin natin ang makakabuti para sa iba, hindi ang sa atin. Sa paraang ito, kikilalanin tayo bilang mga anak ng Diyos, at mamahalin tayo kahit ng mga hindi mananampalatayang kapamilya at kapwa. Kapag may mga bagong kasal na humihiling sa akin ng panalangin at basbas, ganito ang dalangin ko, "Hayaan Mo po silang magbuo ng isang magandang pamilya na naghahangad ng makakabuti para sa isa't isa." Ang dahilan nito ay sapagkat hindi magiging mapayapa ang pamilya nila kung para sa sarili lang ang hahanapin nila.

Mahal kong mga kapatid, sinabi ko sa inyo na pinakamalaking kagalakan ang magbigay ng mga bagay na mahalaga sa atin sa mga mahal natin sa buhay at kung uunahin ang kapakanan nila sa halip ng sa pansarili. Pero hindi lang ito ang gusto ng Diyos na makamit natin. Gusto Niya na hindi lang ang mga taong mahal natin at nakakatulong sa atin ang uunahin natin, kundi pati na ang mga taong nagpapahirap at nanakit sa atin.

Hinahanap ninyo ang sariling kapakanan kung may galit kayo sa puso at iniiwasan ninyo ang mga taong nagpapahirap sa inyo.

Kahit maharap pa kayo sa mga hindi kaaya-ayang situwasyon o magkakaiba ang situwasyong pinanggagalingan ninyong magkakatrabaho, magkakaroon lang kayo ng espirituwal na pag-ibig kung hahanapin ninyo ang makakabuti para sa kanila at magsasakripisyo kayo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kayo ay mapuspos ng espiritu at buong pusong hahanapin ang kapakanan ng iba nang may pagmamahal at sakripisyo kahit magkakaiba ang mga saloobin ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Apat na Pinakamalaking Dahilan ng Kasamaan Natin

Sinasabi sa Mga Kawikaan 17:3, "Ang dalisayan ay para sa pilak at ang hurno ay sa ginto, ngunit sinusubok ng PANGINOON ang mga puso." Para maibalik ang Diyos sa buhay ng mga tao at makapasok ang mga ito sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa Langit, dapat nating iwaksi ang lahat ng klase ng kasamaan sa puso natin. Pero hindi madaling hanapin at iwaksi ang mga kasamaang matagal nang nasa atin, kaya binibigyan tayo ng Diyos ng mga pagsubok.
Kung gayon, ano ang mga pinakamalaking dahilan ng kasamaan na dapat nating iwaksi?

## 1 Hindi tapat – isang katangiang makalaman, mabilis magbago

Ang taong hindi tapat, madalas magsinungaling. Hindi siya tumutupad ng ipinangako sa ibang tao, kahit sa sarili niya. May 'dagdag-bawas' ang mga sinasabi niya.

May mga taong sinasadyang magsinungaling para makapandaya, mayroon namang nakaugalian na ang pagsisinungaling at may natutuksong magsinungaling. Kadalasan, hindi na nila napapansin na nagsisinungaling sila.

Nang sabihin ni Jesus, "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, sa gabing ito, bago tumilaok ang manok, ay ipagkakaila mo Ako ng tatlong ulit", sinabi sa Kanya ni Pedro, "Kahit kinakailangang ako'y mamatay na kasama Mo, ay hindi kita ipagkakaila" (Mateo 26:34-35). Gayon pa man, ipinagkaila ni Pedro si Jesus nang tatlong beses bago tumilaok ang manok nang gabi ring iyon.

Siyempre, inisip ni Pedro na taos sa puso niya ang mga sinabi niya. Pero hindi niya napanindigan ang mga sinabi niya. Kung hindi tapat ang isang tao, hindi nila matitiyak ang mga salita nila, wala silang paninindigan. Kaya dapat nilang iwaksi ang mga kasinungalingan para maging marangal sila.

## 2 Naliligaw ng landas – may hangarin na hanapin ang sariling pakinabang, hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos

Ang kahulugan ng 'naliligaw ang landas' ay mali o hindi tama ang ikinikilos. Hindi tama ang kalooban, mga iniisip at ginagawa. Kung ang lahat ng tao ay susunod sa batas at mga tuntunin, walang magiging problema sa kanilang lipunan. Tulad nito, dapat ipamuhay ng mga anak ng Diyos ang Salita Niya sa 66 na aklat ng Biblia dahil sila ay mga mamamayan ng Langit.

Kung hindi kayo lumalakad sa tamang landas nagiging mali ang lahat ng bagay at natutukso kayo ng mga personal na hilig at pakinabang. Gusto din ninyo ang mga masasamang bagay. Ibinigay ni Abraham ang buong halaga ng parang para sa libing ni Sara kahit na ito ay ibinibigay sa kanya nang walang bayad ng mga anak ni Het (Genesis 23:13).

Hindi rin nakipagkasundo sa mundo si Daniel at ang tatlong kaibigan niya. Sila ay hindi naligaw ng landas. Dahil dito, inilagay si Daniel sa yungib ng mga leon at ang mga kaibigan niya ay itinapon sa nag-aapoy na hurno. Gayon pa man, hindi sila nasaktan – hindi nasunog ni isang hibla ng buhok nila. Niluwalhati nila nang lubos ang Diyos (Daniel 6:16-23; 3:19-27).

Magagawa ninyong lumakad sa tamang landas kapag hindi ninyo uunahin ang pansariling pakinabang at hindi isasalba ang sariling buhay. Sundin ninyo ang kalooban ng Diyos. Ganito ang ginawa ni apostol Pablo. Lumakad siya sa tamang daan kahit nahirapan siya. Dahil dito, pwede niyang sabihin sa 1 Mga Taga-Corinto 11:1, "Maging tulad kayo sa akin, gaya ko kay Cristo."

## 3 Pagiging tuso, hindi tumutupad sa sariling salita at kalooban

Kung hindi ninyo tinutupad ang mga bagay na binalak ninyong gawin at nagpapalit ng mga plano para sa sariling kapakanan, mayroon kayong katusuhan. Kahit sabihing maliit na bagay lang ito, pagiging tuso pa rin ito.

Ang ugali ninyong hindi matatag sa kahit na anong bagay ay pandaraya. Ang mga taong ito ay mabilis magpalit ng plano. Kahit kasundo at tapat siya sa kapawa sa simula, pagtataksilan pa rin niya ang mga ito.

Kung ganito kayo, madali kayong matutukso sa kamunduhan tulad ng katanyagan, kapangyarihan, at kayamanan. Kaya kung tatanggalin natin ang pagiging tuso ng kalooban natin at magsisikap maging tapat, lubos tayong magagamit sa kaharian ng Diyos.

Samakatwid, tuparin natin ang mga salita natin at huwag papalit-palit ng plano. Kung iniisip ninyo na ang maliliit na bagay ay hindi kailangang tuparin, hindi kayo magkakaroon ng magandang ugnayan sa Diyos. Kung tutuparin natin ang mga ipinangako natin sa ibang tao at sa sarili natin, maiwawaksi natin ang pagiging tuso, magiging tapat tayo.

## 4 Galit – hindi kayang pahalagahan ang ibang tao nang higit sa sarili

Kung may galit kayo sa isang tao o bagay, wala kayong respeto sa kanila, iniisip ninyo na balewala sila. Kung ganito ang ugali ninyo, mababa ang tingin ninyo sa ibang tao, para bang kayo lang ang may kapangyarihan at inaabuso ninyo sila. Ang kayabangan ay nagmumula din sa galit.

Kung tutulong kayo sa kapwa kahit maliit na bagay lang o kahit para sa maliliit na bata, ginagawa ninyo ito para sa Panginoon. Ang pagmamahal sa inyong kapwa ay pagmamahal din sa Panginoon. Kaya kung galit kayo sa kapwa ninyo, galit din kayo sa Diyos. Nang hilingin ng mga Israelita kay Samuel na humirang ng hari para sa kanila, sinabi ng Diyos na Siya mismo ang tinanggihan nila bilang Hari. Nakasulat ito sa 1 Samuel 8:5-7. At nang dumaing ang mga anak ng Israel kay Moises, sinabi ng Diyos na hindi sila dumadaing laban kay Moises kundi laban sa Kanya (Exodo 16:8).

Dapat nating tandaan na maraming mga bahagi pero iisa ang katawan sa Panginoon. Mababasa natin ito sa 1 Mga Taga-Corinto 12:20. Bawat isa sa atin ay miyembro ng iglesya na siyang katawan ni Cristo. Kung may galit ang mga miyembro sa isa't isa, hindi mapapalagay ang katawan kaya hindi ito makakapagtrabaho nang maayos.


Mayroong tungkulin ang bawat miyembro ng katawan, lahat sila ay mahalaga. Ibig sabihin, huwag tayong magalit sa ibang tao kung hindi sila nakapag-aral, walang disiplina, o salat sa yaman. Para na rin itong sinabi ng bibig sa mga mata na hindi sila "mahalagang bahagi ng katawan." Kung walang mga mata, ang buong katawan ay mawawala at mahuhulog sa bangin. Isang malaking kahangalan ito.

Mababasa sa Filipos 2:3, "Huwag ninyong gawin ang anuman sa pagpapaligsahan o pagmamataas, kundi sa kababaan, ituring na ang iba ay higit na mabuti kaysa inyong sarili." Kaya kung mas papahalagahan ninyo ang ibang tao kaysa sa sarili ninyo at pagsisilbihan ninyo sila, hindi ninyo sila mababalewala. Huwag ninyong kalimutan ang posisyon o katungkulan at ang tungkulin ninyo. At kahit minamahal at pinapahalagahan kayo ng ibang tao, maging mapagkumbaba kayo at hindi nagbabago.

# Pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay 2013
## “Ang Panginoon ay Ang Cristo”







### Unang Tagpo

**Ministeryo ni Jesus**

Si Jesus na Anak ng Diyos ay dumating sa mundo para iligtas ang sangkatauhan, ipinangaral ang ebanghelyo ng kaharian, at pinagaling ang lahat ng klase ng karamdaman at lahat ng uri ng kahinaan sa loob ng tatlong taong ministeryo Niya sa lipunan.







### Ikatlong Tagpo

**Ang Muling Pagkabuhay ng Panginoon at Pag-akyat sa Langit**


Napagtagumpayan ng Panginoon ang kamatayan at muling nabuhay sa ikatlong araw pagkatapos ng Kanyang libing. Pagkatapos, ipinakita Niyang buhay Siya sa loob ng apatnapung araw. Umakyat Siya sa langit habang pinapanood ng mga taga-Galilea. Dahil dito, nagkaroon sila ng pag-asa sa muling pagkabuhay.

### Ikalawang Tagpo

**Pagdurusa ni Jesus**

Para tubusin tayo sa mga kasalanan natin, binayaran ni Jesus ang halaga ng katarungan sa pagsusuot Niya ng koronang tinik, pagpapahagupit, at pagpapako sa krus sa mga kamay at mga paa Niya.









Noong Marso 29, 2013, sa pangalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes, idinaos ang Pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay para sa taong ito. Ipinakita sa pagtatanghal ang ministeryo ni Jesus, pagdadalamhati, pagkakapako sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit na nakatala sa Biblia. Ipinaalam sa mga manonood ang pag-ibig ng Panginoon at ang pag-asa sa muling pagkabuhay. Sa isang tagpo, inalala ni Maria Magdalena at ng mga alagad na sina Pedro at Juan ang mga panahong kasama nila ang Panginoon. Kapansin-pansing ang mga awiting kinanta ng mga nagtanghal, at ng choir, at tinugtog ng Nissi Orchestra na ginamit sa pagtatanghal ay nagmula lahat sa Diyos tulad din ng mga awiting isinulat Niya para sa mga Israelita. Mababasa ito sa Deuteronomio 31:19 at 22. Naantig ang damdamin ng mga nanood. Ang pagkakagawa at disenyo ng espesyal na entablado ay makatotohanan.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714